# KAPASIYAHAN BLG. 2025-92

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 7, S-2024 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG CAMBAOG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAM NA DAAN PITUMPU'T DALAWANG LIBO, LIMANG DAAN LABING WALONG PISO AT TATLUMPUNG SENTIMO (₱972,518.30)."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Cambaog para sa kanilang *Annual Budget* na laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱972,518.30;

**SAPAGKA'T**, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Cambaog at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Cambaog ay walang nilalabag na batas o Kapasiyahang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 7, S-2024 ng Sangguniang Kabataan Cambaog, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Siyam na Daan Pitumpu't Dalawang Libo, Limang Daan Labing Walong Piso at Tatlumpung Sentimo (₱972,518.30).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-24 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-24 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim